Name ______________________________ Class _____________ Date ______________

# Ang Mahalagang Tanong
# Kaugnayan ng Paaralan sa Tahanan

Binibigyan-diin ng Yunit 1 ang Mahalagang Tanong: Sino ang maaasahan mo? Sa buong yunit, malalaman mo kung sinu-sino ang maaasahan mo. Bago mo ihanda ang iyong mga sariling sagot sa Mahalagang Tanong, alamin muna kung ano ang iniisip ng iyong mga magulang o ibang mga nakatatanda. Pumili ng isa sa mga gawain sa ibabâ na gagawin sa tahanan.

## GAWAIN: Gumawa ng isang Chart

Pumili ng isang magulang o ibang taong nakatatanda sa iyo sa tahanan at sumulat tungkol dito. Sa isang hiwalay na papel, gumawa ng chart na may dalawang hanay. Sa kaliwang hanay, isulat ang "Bakit Maaasahan Ko si ____" at sa kanang hanay, "Bakit Ako Maaaring Maasahan." Sa kaliwang hanay, ipaliwanag kung bakit naniniwala ka na maaasahan mo ang taong ito. Pagkatapos ay ipakita ang chart sa piniling tao. Hilingin siyang ipaliwanag kung gakit ka maaasahan. Isulat ang kanyang sagot sa kanang hanay ng chart.

## GAWAIN: Interbyu:

**Ang Gagawin** Sabihin sa isang magulang o ibang nakatatanda ang Mahalagang Tanong. Hilingin siyang sagutin ang mga sumusunod na katanungan, at isulat ang mga sagot sa hiwalay na papel:

1. Noong ikaw ay bata pa, sino ang pinagkatiwalaan mo? Ipaliwanag.
2. Maaasahan ba ang mga taong ito, o nabigô ka ba? Ipaliwanag.
3. Bilang nakatatanda, sino ang maaasahan mo? Ipaliwanag.

## GAWAIN: Tulá

1. Kasama ng isang magulang o ibang nakatatanda, pag-isipan ang isang tao na pareho ninyong dalawang maaasahan. Pagkatapos ay isulat ang mga dahilan kung bakit maaasahan ninyo ang taong ito. Isulat ang iyong mga dahilan sa isang hiwalay na pirasong papel.
2. Pagkatapos ay magtulungan kayo at sumulat ng isang tulá tungkol sa taong pinili ninyo. Ang inyong tulá ay maaaring nakatutuwa o seryoso. Rebyuhin ang inyong listahan ng mga dahilan para sa impormasyon na isasama sa inyong tulá.

Copyright© by The McGraw-Hill Companies, Inc.